



OFFICE OF THE GOVERNOR



Cook County <sup>DEPT.</sup>  
of  
Public Health

**FOR IMMEDIATE RELEASE**

Thursday, March 5, 2020

**CONTACT:**

Melaney Arnold 217-558-0500

[COVID.media@illinois.gov](mailto:COVID.media@illinois.gov)

## **Mga Opisyal ng Pamublikong Kalusugan, Nag-anunsiyo ng Panlimang Kaso ng Sakit na Dulot ng Coronavirus sa Illinois**

*Ganap na Operasyonal ang mga Testing Lab sa Chicago, Springfield, Carbondale habang nagko-coordinate ang Estado ng Masigasig na Tugon*

**SPRINGFIELD** – Inanunsiyo ngayong araw ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Illinois (IDPH) at ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Cook County (CDPH) ang panlimang residente ng Illinois na nagpositibo para sa coronavirus disease (COVID-19) sa IDPH. Ipinadala na ang mga sampol (specimen) Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil ng Mga Sakit (CDC) para sa testing ng kumpirmasyon. Ang panlimang indibidwal ay isang residente ng Cook County na nasa mga edad 20 na bumiyahang patungong Chicago O’Hare Airport noong unang bahagi ng buwang ito pagkatapos bumiyahang pa-Italy. Nakuha ng indibidwal ang impeksiyon habang nasa Italy, at nagpagamot sa Rush University Medical Center nang nakabukod (isolation). Tinutukoy at kinokontak na ng mga opisyal ng pamublikong kalusugan ang mga nakasalamuha nito nang malapitan.

“Masugid na kumikilos ang estado ng Illinois upang pigilan ang COVID-19 at imulat ang publiko,” ani Gobernador JB Pritzker. “Inaasahan ng mga opisyal ng pamublikong kalusugan na magkakaroon pa ng mga karagdagang kaso at magpapatuloy kami sa pagpapatupad ng matatatag na hakbangin para pigilan ang virus habang naghahanda din para sa posibleng higit pang pagkalat. Nananatiling mababa ang panganib ng COVID-19 sa pangkalahatang publiko sa Illinois, ngunit hinihikayat namin ang publiko na maging mapagmatyag at magdoble-ingat gamit ang mga karaniwang pag-iingat (precaution) na dapat ninyong isagawa tuwing panahon ng trangkaso.”

Nakapagkumpirma na ang CDC ng isa sa mga kamakailang pinagpapalagay (presumptive) na positibong kaso at naghihintay pa kami ng mga resulta para sa isa pang kaso. Kapuwa sila nakabukod sa tahanan (home isolation) at nasa maayos na kalagayan. Sa oras na ito, hindi pa natutukoy ang daloy ng pagkakahantad (exposure route) ng pangatlo at pang-apat na kaso. Parehong bumiyahang patungo sa ibang estado ang mga indibidwal, ngunit hindi pa sila naiuugnay ng mga health official sa kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa Illinois o sa iba pang estado. Kung gayon, dahil hindi pa natutukoy ng IDPH ang point of exposure ng dalawang kaso, pinaniniwalaan ng IDPH na posibleng ang mga kasong ito sa Illinois ay sanhi ng pagkakahawa sa pamamagitan ng komunidad.

“Bagama’t inaasahan namin na makakikita ng mga karagdagang kaso, hindi namin nakikitang magkakaroon ng malawakang pagkalat ng virus sa Illinois at naniniwala kaming nananatiling mababa ang panganib nito sa pangkalahatang publiko,” ayon kay IDPH Direktor Dr. Ngozi Ezike. “Nauunawaan namin ang pag-aaalala ng mga tao, ngunit nais naming muling tiyakin sa mga residente na masugid kaming nakikipag-ugnayan sa mga lokal na kagawaran ng kalusugan, ospital, clinician, at CDC, at iba pang ahensiya ng estado, at ginagamit namin ang lahat ng resource na mayroon kami upang makapaghanda.”

- pa -

03-05-20 - COVID-19 Update/2

Kapuwa gumaling na ang dalawang naunang kumpirmadong kaso sa Illinois. Patuloy na sinusubaybayan ng mga opisyal ng pampublikong kalusugan ang mga indibidwal sa buong Illinois na nagkaroon ng kasaysayan ng pagbiyahe papunta sa isang apektadong lugar o ang sinumang maaaring nakasalamuha ng isang kumpirmadong kaso.

“Patuloy naming sinsubaybayan araw-araw ang tatlong kamakailang natukoy na kaso para sa pagkakaroon ng lagnat, ubo, kahirapan sa paghinga hanggang matugunan ang mga pamantayan sa pagpapalaya ng CDC,” ani Cook County Department of Public Health Chief Operating Officer Dr. Terry Mason. “Dahil sa kakayahang mag-test para sa COVID-19 sa mga laboratoryo ng IDPH, mabilis kaming nakakuha ng mga resulta at sa gayon, potensiyal na malimitihan ang higit pang pagkalat ng virus na ito.”

Illinois ang unang estado na nakapag-test para sa COVID-19 at nagpapatuloy ang IDPH sa pagte-test para sa virus sa tatlong laboratoryo nito—Chicago, Springfield, at Carbondale.

Ang pangangailangan sa testing ay madedetermina ng isang doktor batay sa mga sintomas ng pasyente at mga salik pansakit (epidemiologic factors), na kinabibilangan ng mga health care worker na nakasalamuha ng isang pasyente na kumpirmadong may COVID-19, o ang mga bumiyahang mula sa mga apektadong heograpikong lugar. Sa kasalukuyan, inuuna ng IDPH ang testing ng mga indibidwal na pasok sa naunang nabanggit na pamantayan, at gayundin ang mga ospital na boluntaryong nakikilahok sa pagbabantay (surveillance). Kapag mayroon nang commercial laboratory testing, ang kapasidad para sa mas maraming tao ay higit pang lalaki.

Para sa impormasyon kung paano ka, ang iyong paaralan, ang iyong lugar na pinagtatrabahuhan, at ang iyong komunidad ay maaaring makapaghanda, mangyaring bisitahin ang [Preventing COVID-19 Spread in Communities](#). Para sa mga pangkalahatang tanong tungkol sa COVID-19, tawagan ang hotline sa 1-800-889-3931 o mag-email sa [dph.sick@illinois.gov](mailto:dph.sick@illinois.gov).

###